

Pasta sa Bitak

Pasta sa Bitak

Ang Pasta sa Bitak ay isang simple at talagang epektibong paraan para maiwasan ang tuluyang pagkasira ng butas at bitak.

Butas at Bitak

Ang butas ay isang maliit na pagkasira sa enamel ng ngipin habang ang bitak ay ang pagkakaroon ng linya na may kaugnayan sa mga genetikong kadahilanan. Maaaring malalim o mababaw ang mga butas at bitak na ito.



Ang mga pangnguyang ngipin na nasa bahagi ng mga bagang ay kadalasang may mas maraming mga bitak at mas malalim na butas

Maaaring panganib:

Kadalasan masyadong malalim ang mga butas at bitak na nagiging mahirap para alisin ng sepilyo ang mga nakadepositong plaque sa bahaging iyon

Posibleng kahihinatnan:

Pagkasira ng butas at bitak

Epektibong paraan para maiwasan:

Paglalagay ng Pasta sa Bitak

Ano ang Pasta sa Bitak?

Mga katangian ng Pasta sa Bitak:

-) isang uri ng resin na nagpapanumbalik na materyal
-) tumitigas sa pamamagitan ng pantuyo na ilaw
-) transparent o kakulay ng ngipin
-) walang lasa

Pamamaraan ng Paggamot:



Ini-etching ng asido ang mga bahagi ng butas at bitak para ihanda ang enamel para sa pagdikit ng pasta



Paglalagay ng pasta sa bitak



Pagkatapos nito, pinatitigas ang pasta gamit ang pantuyo na ilaw

Mga ideyal na katangian ng Pasta sa Bitak

Maaaring dumikit nang mahigpit sa enamel ang Pasta sa Bitak para magbigay ng pader na pandepensa na magtatakip sa mga butas at bitak. Tumutulong ito na panatilihin hindi makapasok ang plaque sa bahaging iyon at bawasan ang pagkakataon na masira ang butas at bitak.

Pagiging Matibay

Nang may wastong gawi sa pangangalaga ng ngipin, maaaring tumagal ang Pasta sa Bitak nang maraming taon nang hindi muling nilalapatan ito.

Pagmimintina

Inirerekomenda ang taunang pagpapasuri sa ngipin nang sa gayon ay masuri ng mga dentista o dental therapist na nasa ilalim ng pamamahala ng dentista ang pananatili ng Pasta sa Bitak, at kung kinakailangan ang muling paglalapat nito. Sinisiguro nito ang pagiging epektibo ng pasta.

Sinu-sino ang nangangailangan ng Pasta sa Bitak?

Dahil ang Pasta sa Bitak ay isang pamamaraan na panghadlang na ginagamit ng mga dentista o dental therapist para maiwasan ang pagkasira ng ngipin, inirerekomenda na ilagay ito sa mga ngipin na may malalalim na butas at bitak na madaling masira.

Kung may mga ngipin ka na may malalalim at sirang mga butas at bitak, dapat mong talakayin ito sa iyong dentista kung kinakailangan mo o hindi ang Pasta sa Bitak para maiwasan ang pagkasira.